---

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 4

**MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM**
**Development Team:**
Writers: **ARLENE L. DE ASIS / LOVELY O. TOMAS**
Layout Artist: **JOHN JESSON S. MONSERATE**
Content Editor: **MARIA FE C. BALABA**
Language Editor: **MARIA FE C. BALABA**
**Management Team:**
**MALCOLM S. GARMA,** Regional Director
**CARLEEN S. SEDILLA,** OIC-Schools Division Superintendent
**GENIA V. SANTOS,** CLMD Chief
**JAY F. MACASIEB,** OIC-ASDS/OIC-Chief ES, CID
**MA. GLORIA G. TAMAYO,** Regional EPS, Filipino
**MARIA FE C. BALABA,** Division EPS, Filipino
**DENNIS M. MENDOZA,** Regional LR Supervisor
**NEIL VINCENT C. SANDOVAL,** Division LR Supervisor
**NANCY C. MABUNGA,** Regional Librarian



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# Aralin 1 — Pang-abay at Pang-uri:Tukuyin Wastong Pang-angkop: Gamitin

## Inaasahan

*Sa pagtatapos ng aralin, inaasahang:*

1. Natutukoy ang kaibahan ng pang-abay at pang-uri; **(F4WG-IIId-e-9.1)**
2. Nagagamit nang wasto ang pang-angkop (–ng, -g at na) sa pangungusap at pakikipagtalastasan. **(F4WG-IIIf-g-10)**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot ayon sa hinihingi ng bawat pahayag.

1. <u>Magiliw</u> na sinalubong ni Ginoong Jun ang mga panauhin. Paano ginamit sa pangungusap ang may salungguhit?
   A. pang-uri  C. pandiwa
   B. pang-abay  D. pang-angkop
2. <u>Mahirap</u> magtahi sa lugar na madilim. Paano ginamit sa pangungusap ang may salungguhit?
   A. pang-uri  C. pang-abay
   B. pangngalan  D. pandiwa
3. <u>Magaling</u> ang mang-aawit na si Sarah Geronimo. Ano ang gamit ng salitang may salungguhit sa pangungusap?
   A. pang-uri  C. pang-abay
   B. pangngalan  D. pandiwa
4. Nilinisan nila ang bago__ biling sasakyan? Anong pang-angkop ang dapat ipuno sa patlang?
   A. ng  B. g  C. na  D. nang



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

5. Matibay ___ pananalig ang kailangan sa panahon ng pandemya. Ano ang wastong pang-angkop para sa pangungusap?
   A. ng  B. g  C. na  D. nang

## Balik-tanaw

**P**agnilayan…

- Bakit mahalagang matutuhan ang paggamit ng angkop na pahayag sa pagsalungat sa isang opinyon, argumento o debate?
- Ano-ano ang magagalang na pahayag na maaaring gamitin sa paglalahad ng mga paliwanag, argumento o kaisipan hinggil sa mga isyu?

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**A**lamin**…**

**Pagkakaiba ng Pang-uri at Pang-abay**

Ang **pang-uri** ay salitang naglalarawan ng isang pangngalan o panghalip. Ito ay nagsasabi ng katangian, anyo, uri, itsura ng isang tao, bagay, lugar, o pangyayari.

**Naglalarawan ng pangngalan**:

Ang bata ay **masaya**.  **Mabait** ang Nanay ni Faye.

**Naglalarawan ng panghalip**:

Siya ay **matalino**.  Sila ay **magigiliw** sa mga bisita.

Ang **pang-abay** ay nagbibigay-turing o naglalarawan sa isang kilos o pandiwa, sa pang-uri o kapuwa pang-abay. Ang **pandiwa** ay salitang nagsasaad ng kilos o galaw.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

---

**Pang-abay na nagbibigay turing sa pandiwa:**

Ang bata ay **masayang** naglalaro.

**Mabilis** na sinagip ng tanod ang bata sa kalsada.

**Mahinahong** kinausap ni Earl ang kaniyang kaibigan.

**Paliwanag:**

**Paano ginamit ang mga pang-uri sa mga pangungusap na ito?**

Sa mga unang halimbawang pangungusap, ang mga salitang panlarawan na **masaya, mabait, matalino, at magigiliw** ay ginamit bilang isang pang-uri sapagkat ang mga ito ay naglalarawan ng katangian ng mga binanggit na pangngalan at panghalip.

Samantala, ang mga salitang panlarawan na **masaya**ng, **mabilis,** at **mahinahon** ay naglalarawan ng mga kilos o pandiwang **naglalaro**, **sinagip**, at **kinausap**. Ang mga pang-uring ito ay naglalarawan kung paano isinagawa ang kilos. Samakatwid, kapag ang mga pang-uri ay ginamit sa paglalarawan ng kilos, ang mga ito ay tinatawag na pang-abay dahil nagbibigay-turing ito sa isang kilos. Tinatawag din natin itong pang-abay na pamaraan.

| Salitang Panlarawan bilang Pang-uri | Salitang Panlarawan bilang Pang-abay |
|---|---|
| 1. **Malungkot** ang bata. | 1. **Malungkot** niyang tinanggap ang pagkatalo. |
| 2. **Masaya** ang mga magulang sa *online class* ng mga anak. | 2. **Masayang** naglalaro ang mga bata. |

**Basahin ang sumusunod na pangungusap:**

Ang Kultura**ng** Pilipino ay dapat nating ipagmalaki.
Ang pamayanan**g** tahimik ay gusto ng mga taga barangay.
Mahigpit ang mga batas **na** pinaiiral sa aming pamayanan.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

Pansinin ang mga pahayag na may salungguhit. Ano ang tawag natin sa mga ito? Ito ay tinatawag na **pang-angkop**. Ang pang-angkop ay mga katagang nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan. Hindi ito nagtataglay ng sariling kahulugan. Ginagamit lamang ang mga ito upang maging madulas ang pagbigkas. Ang mga pang-angkop ay ***-ng***
***-g at na***. Kailan ginagamit ang mga ito sa isang salita?

Pang-angkop na ***-ng***

Ito ay ginagamit kung ang salitang inaangkupan ay nagtatapos sa mga patinig (a, e, i, o, u).

| | | |
|---|---|---|
| Halimbawa: | masay**a**ng pamilya | mabut**i**ng bata |
| | al**e**ng mabait | pus**o**ng mamon |
| | tof**u**ng malambot | |

Pang-angkop na ***na***

Ito ay ginagamit kung ang salitang inaangkupan ay nagtatapos sa mga katinig maliban sa **n.**

| | | |
|---|---|---|
| Halimbawa: | mataa**s** na puno | daga**t** na maalon |
| | hino**g** na bayabas | mahira**p** na aralin |

Pang-angkop na ***-g***

Ang ***-g*** ay ikinakabit o iniaangkop sa mga salitang nagtatapos sa **n**.

| | | |
|---|---|---|
| Halimbawa: | mayama**n**g asindero | biglaa**n**g lakad |
| | pinsa**n**g buo | baya**n**g magiliw |

## Gawain

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto. Isagawa ang hinihingi sa mga panuto.

### Bakood Festival:
### Kulturang Pinayayaman ng Bacoor, Cavite

Tuwing sasapit ang Setyembre 22-29, walang bukambibig ang mga taga-Bacoor, Cavite kundi ang isang **linggong selebrasyon** ng Bakood Festival na ginaganap taon-taon.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**




Ang Bacoor ay isang **maunlad na lungsod** sa Cavite na itinuturing bilang Cavite's Gateway to the Metropolis. Ang Bacoor ay nagmula sa salitang bakod.

Ang bakod ay isang uri ng **kawayang lumiligid** sa buong bayan ng Bacoor. **Ginagamit na pambakod** ito sa mga tahanan, paaralan, ospital, klinika, at maging sa munisipyo sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ito'y ginagamit din bilang proteksiyon ng mamamayan laban sa mga dayuhan. Sa halip na punlo o gulok, tinutulisan ang dulo ng kawayan at siyang itinutudla sa mga **mananakop na nagsamantala** sa ating kabuhayan at kumitil ng maraming buhay.

Ang Bakood Festival ay sinisimulan sa iba't ibang gawain tulad ng pagdaraos ng misa, pag-aalay ng mga bulaklak, pagmamartsa, pagpuprusisyon, pag-aawitan, pagsasayawan, paghahandaan, at iba pang mga **gawaing nakaaaliw**, nakapagpapasaya at nakapagpapayaman sa kulturang minana sa ating mga ninuno.

Ang mga mag-aaral sa mga **paaralang publiko** at pribado ay nagpapakita ng iba't ibang husay at galing sa pag-awit, pagsayaw, at iba pang sining ng pagtatanghal. Makukulay ang kanilang kasuotan. Itinatanghal nila ito sa lansangan. Malapit sa munisipyo ng Bacoor. Dahil kilala ang Cavite sa **maraming lamang-dagat**, naging popular din ang Food Festival sa panahon ng Bakood Festival. Ang mga **pagkaing inihahanda** at ipinakakain sa mga tao, kababayan man at turista ay pawang putaheng mula sa sugpo, talangka, alimango, pusit, tahong, at iba pa.

Maunlad na at patuloy pang umuunlad ang lungsod na ito, ngunit sa kabila ng kaunlarang ito ay **patuloy na pinayayaman** ang **kulturang katutubo**, kabilang na ang taunang pagdaraos ng Bakood Festival.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

**Gawain 1:** **IHANAY MO!**

**Panuto:** Isulat ang mga pahayag na may salungguhit sa teksto ayon sa tamang gamit ng mga pang-angkop nito.

| Pang-angkop na ***na*** | Pang-angkop na ***-ng*** | Pang-angkop na ***-g*** |
| --- | --- | --- |
| | | |

**Gawain 2** **KILALANIN MO!**

**Panuto:** Tukuyin kung ang mga salitang panlarawan ay ginamit bilang pang-uri o pang-abay. Isulat sa patlang bago ang bilang ang **PU** kung pang-uri at **PA** kung pang-abay ang salita.

_____1. Malakas ang apoy na tumupok sa mga kabahayan.
_____ 2. Mabilis na rumisponde ang mga bumbero sa nasusunog na bahay sa kalye Luna.
_____ 3. Takot na nagsilikas ang mga nakatira sa kalyeng iyon.
_____ 4. Mababait ang magkakapitbahay kaya naireport agad ang sunog.
_____ 5. Mahinahon pa rin ang mga tao sa kabila ng naganap na sunog sa kanilang kalye.

## Tandaan

Ang pang-uri at pang-abay ay may kani-kaniyang gamit sa pangungusap. Suriin lamang mabuti kung paano ito ginamit sa mga pangungusap. Makatutulong ang kasanayan sa pagkilala sa salitang panlarawan upang matukoy ang gamit ng mga ito sa pahayag.


Malalaman natin kung anong pang-akop ang ginamit o dapat gamitin kung titingnan natin kung saan nagtatapos ang mga salitang inaangkupan.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Lagumin ang natutuhan gamit ang grapikong pantulong.




**Gawain 1**

**Panuto:** Suriin ang bawat pangungusap. Bilugan ang salitang panlarawan sa bawat pangungusap at tukuyin kung ito ay pang-uri o pang-abay. Isulat ang sagot sa patlang.

**Halimbawa:**

| | |
|---|---|
| Mahusay siyang umawit. | <u>Pang-uri</u> |
| Mahusay na inawit ni Bess ang Lupang Hinirang. | <u>Pang-abay</u> |

1. Makulimlim ang langit, tila uulan na. ________________
2. Masinop niyang tinupi ang pinaghigaan. ________________
3. Maayos niyang sinabi ang kahilingan. ________________
4. Masunurin ang anak ni Mang Bentong. ________________
5. Ang magalang na bata ay kinalulugdan. ________________



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

**Gawain 2:**

**Panuto:** Punan ng wastong pang-angkop ang mga patlang.

1. Maalalahanin__ bata talaga iyang si Kulas.
2. Pinitas ni Thea ang mabango__ rosal sa hardin.
3. Kakarampot ___ pag-asa na lang ang natira kay Bea.
4. Masayahin__ bata si Lumen kaya gusto siya ng mga kalaro.
5. Umiwas tayo sa masama___ bisyo upang guminhawa ang buhay.

# Pangwakas na Pagsusulit

**Gawain 1**

**Panuto:** Salungguhitan ang mga salitang panlarawang ginamit sa pangungusap. Iguhit ang ☺ kung ginamit bilang pang-uri at ☹ naman kung pang-abay.

_____1. Malugod na binati ng punongguro ang mga nagsipagtapos sa TP 2019-2020.
_____2. Malungkot si Jona dahil hindi siya nakadalo sa Araw ng Pagtatapos.
_____3. Masiglang tinanggap ng mga mag-aaral ang kanilang diploma.
_____4. Tahimik na umiiyak ang kanilang guro sa kaligayahan dahil lahat sila ay nakapagtapos.
_____5. Masayang-masaya ang mga mag-aaral na tumanggap ng katibayan ng pagtatapos.

**Gawain 2**

**Panuto:** Punan ng wastong pang-angkop ang pahayag na may salungguhit.

1. Pumunta kami sa malayo___ lalawigan ng Cagayan.
2. Nakakita kami ng luntiang bukirin habang binabaybay ang liko-liko__ daan sa Norte.
3. Masisipag ___ magsasaka ang aming nadaanan sa mga bukirin.
4. Kumain kami ng masarap___pancit batil patong sa nadaanang karinderya.
5. Kaysarap maglakbay sa tuloy-tuloy ___ daan sa TPLEX patungong Cagayan.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# Sanggunian

**Mga aklat:**
Yaman ng Lahi 4 Learner's Materials pah.83, 88, 105
Yaman ng Lahi 4 Teacher's Guide pah.126-127, 130
Santiago, Alfonso O. at Norma G. Tiangco. 2003. Makabagong Balarilang Filipino Binagong Edisyon. Rex Bookstore. Maynila. Limbag.

**Mga Larawan:**
https://pixabay.com/vectors/flat-design-symbol-icon-www-2126884/
https://pixabay.com/vectors/paper-document-empty-draft-page-146918/
https://bacoor.gov.ph/tourism/bakood-festival/
https://pixabay.com/vectors/bulb-light-electric-bulb-154568/

# Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**
1. B
2. C
3. A
4. A
5. C

**Pag-alam sa Natutuhan**

| **Gawain 1** | **Gawain 2** |
|---|---|
| 1. makulimlim-pang-uri | 1. -g |
| 2. masinop-pang-abay | 2. -ng |
| 3. maayos- pang-abay | 3. na |
| 4. masunurin- pang-uri | 4. -g |
| 5. magalang- pang-uri | 5. -ng |

**Gawain -Gawain 1**
**na**
maunlad na lungsod
ginagamit na pambakod
mananakop na mapagsamantala
patuloy na pinagyayaman
**ng**
isang linggong selebrasyon
maraming lamang dagat
kulturang katutubo
**-g**
gawaing nakaaaliw
paaralang publiko
pagkaing inihanda
**Gawain 2**
1. PU
2. PA
3. PA
4. PU
5. PU

**Pangwakas na Pagsusulat**

| **Gawain 1** | **Gawain 2** |
|---|---|
| 1. | 1. -ng |
| 2. | 2. -ng |
| 3. | 3. na |
| 4. | 4. na |
| 5. | 5. na |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**